

Gabay sa Karagdagang Halalan

Kaayusan ng Botohan para sa Karagdagang Halalan ng Konstituwensya ng Komite sa Halalan ng Batasang Konseho 2022

- Petsa ng botohan: ika-18 ng Disyembre 2022 (Linggo)
- Oras ng botohan: 9:00 a.m. hanggang 11:30 a.m. (Ang oras ng botohan sa (mga) nakatalagang istasyon ng botohan na itatayo sa mga institusyon ng pinarurusahan (kung mayroon man) at Istasyon ng Botohan sa Penny's Bay ay mula 9:00 a.m. hanggang 10:30 a.m.)

Panahon ng Nominasyon

- Panahon ng nominasyon: ika-1 ng Nobyembre hanggang ika-14 ng Nobyembre 2022
- Maaaring ma-download ang mga form mula sa websayt (www.reo.gov.hk) ng Tanggapan ng Rehistro at Halalan ("REO"), o makukuhang libre sa mga sumusunod na tanggapan:
 - Mga Tanggapang Pandistrito; o sa
 - Mga Sentro ng Katanungan ng Home Affairs; o sa
 - Tanggapan ng Returning Officer (13/F, East Wing Central Government Offices, 2 Tim Mei Avenue, Tamar, Hong Kong); o sa
 - Mga Tanggapan ng REO (10/F, Harbour Centre, 25 Harbour Road, Wan Chai, Hong Kong o Unit 2301-03, 23/F, Millennium City 6, 392 Kwun Tong Road, Kwun Tong, Kowloon)

Bilang ng mga Miyembrong Ihahalal

- Apat na Miyembro ng Konstituwensya ng Komite ng Halalan ("ECC")

Nominasyon at Pagkandidato

- Ang kandidato ay dapat 21 taong gulang o higit pa; maging isang rehistradong botante sa isang Heograpikal na Konstituwensya; hindi diskwalipikadong maihalal sa bisa ng bahagi 39 ng Ordinansa ng Batasang Konseho (Cap. 542); karaniwang naninirahan sa Hong Kong ng 3 taon bago ang petsa ng kanyang nominasyon; at maging isang mamamayang Tsino na permanenteng residente ng Hong Kong na walang karapatang manirahan sa saanmang bansa maliban sa People's Republic of China. Ang kandidato ay hindi kailangang miyembro ng Komite ng Halalan ("EC").
- Ang bawat kandidato ay dapat nominado ng hindi bababa sa 10, ngunit hindi hihigit sa 20, mga miyembro ng EC, kabilang ang hindi bababa sa 2 ngunit hindi hihigit sa 4 na miyembro mula sa bawat isa sa 5 mga sektor ng EC.
- Ang bawat miyembro ng EC ay maaaring magmungkahi ng 1 kandidato lamang.

Pagboto

- Ang mga miyembro ng EC ay dapat, batay sa talaan ng mga nominado, bumoto sa pamamagitan ng lihim na balota. Ang balota ay may bisa lamang kung ang nilalamang bilang ng boto ay katumbas ng bilang ng mga miyembrong ihahalal. Ang apat na kandidatong nakakuha ng pinakamaraming bilang ng boto ay ihahalal sa Karagdagang Halalan.

Sino ang maaaring Bumoto

- Ang mga miyembrong nakalista ang pangalan sa ganap na talaan ng mga miyembro ng EC ay karapat-dapat na magmungkahi at bumoto.

Saan Boboto

- Isang istasyon ng botohan ng ECC ang itatayo para sa mga botante upang bumoto.
- Ang mga botanteng nakakulong ay paglalaanan ng istasyon ng botohan upang makaboto sa bilangguan o sa himpilan ng pulisya kung naaangkop.
- Isang istasyon ng botohan ang itatayo sa Istasyon ng Botohan sa Penny's Bay para sa mga botante na hindi makakaboto sa Istasyon ng Botohan ng ECC sa araw ng halalan dahil sa pagkabukod o ipinatupad na quarantine sa pagboboto.
- Isang kard ng botohan na nagpapakita ng impormasyon tungkol sa mga nakalaang istasyon ng botohan ang ibibigay sa botante nang hindi bababa sa 10 araw bago ang araw ng halalan.
- Ang mga istasyon ng botohan ay mapupuntahan ng mga taong may natatanging pangangailangan (mga gumagamit ng silyang-de-gulong o mga taong may kahirapan sa pagkilos).
- Kung kinakailangan ng mga botante ang tulong sa pagsasalin ng impormasyon sa pagboto, maaari nilang tawagan ang Sentro Para sa Etniko Minorya ("CHEER") sa pamamagitan ng sumusunod na mga hotline.

<u>Wika</u>	<u>Numero ng Hotline</u>
Bahasa Indonesia	3755 6811
Hindi	3755 6877
Nepali	3755 6822
Punjabi	3755 6844
Tagalog	3755 6855
Thai	3755 6866
Urdu	3755 6833
Vietnamese	3755 6888

Paano Bumoto

- Dalhin ang iyong orihinal na Hong Kong Identity Card (“HKID kard”) o ibang tinukoy na alternatibong (mga) dokumento (mangyaring sumangguni sa seksyon ng “(Mga) Kinakailangang Dokumento para sa Pagkuha ng (mga) Balota” sa ibaba para sa mga detalye) sa iyong nakatalagang istasyon ng botohan sa ika-18 ng Disyembre 2022 (Linggo) sa oras ng botohan (9:00 a.m. hanggang 11:30 a.m.) (Ang oras ng botohan sa (mga) nakatalagang istasyon ng botohan sa mga bilangguan (kung mayroon man) at Istasyon ng Botohan sa Penny’s Bay ay mula 9:00 a.m. hanggang 10:30 a.m.) at ipakita ito sa kawani sa loob ng istasyon ng botohan. Hihilingin sa iyo ng kawani ng botohan na pansamantalang tanggalin ang iyong mask at gagawa ng isang biswal na pagsusuri. Ang kawani ng botohan ay gagamit ng isang tablet na kompyuter sa sistema ng Elektronikong Talaan ng Botohan ("EPR") para i-scan ang iyong HKID kard upang matukoy kung ikaw ay isang botante ng ECC. Pagkatapos ng pagpapatunay, ibibigay sa iyo ng kawani ng botohan ang balota at itatala sa sistema ng EPR na ikaw ay nabigyan ng balota.
- Bibigyan ka rin ng isang itim na panulat. Pagkatapos nito, dapat agad kang tumuloy sa isa sa mga kompartimento ng botohan.
- Mangyaring sundin ang mga tagubilin na ibinigay ng mga kawani ng botohan pati na rin ang mga nakalimbag sa balota at mga paunawa sa loob ng kompartimento ng botohan, at markahan ang balota sa loob ng isang kompartimento ng botohan.
- Dapat kang bumoto sa **hindi lalampas o bababa sa lima** na kandidato sa balota. Dapat mong gamitin ang itim na panulat na ibinigay ng istasyon ng botohan upang punan ang itim na habilog sa tapat ng pangalan ng mga kandidatong iyong napili. Ang bawat kompartimento ng botohan ay gagamitin ng isang botante kada isang beses lamang. Batay sa mga prinsipyo ng kalayaan ng pagboto at pagkalihim ng mga boto, ipinagbabawal sa ilalim ng batas na magkaroon ng sinuman (kahit na siya ay kamag-anak ng botante o kaibigan) na sumama o tumulong sa botante sa pagboto. Ang botante na may kahirapan sa pagmarka ng balota na mag-isa ay maaaring, alinsunod sa batas, humiling sa Namamahalang Opisyal (“PRO”) o sa kinatawan ng PRO upang markahan ang balota para sa kanila ayon sa kanilang kagustuhan sa pagboto, sa harap ng isang kawani ng botohan bilang saksi. Hindi mo dapat tiklupin ang iyong balota. Pagkatapos markahan ang balota, maaari mong piliing gamitin ang makinang Optical Mark Recognition na nakalagay sa istasyon ng botohan upang matiyak na ang bilang ng kandidatong minarkahan mo sa balota ay hindi hihigit o bababa sa **lima**. Ang makinang Optical Mark Recognition na inilagay sa istasyon ng botohan ay hindi magtatala o magbibilang ng iyong minarkahang pinili sa balota. Dapat mong ipasok ang balota sa isang sobreng ibinigay ng istasyon ng botohan at ilagay ang balotang nakapaloob sa sobre sa kahon ng balota.
- Kung nagkamali ka sa pagmarka ng balota o hindi sinasadyang masira ang balota, maaari mong ibalik ang balotang iyon sa “PRO” at humingi ng kapalit.

(Mga) Dokumentong Kinakailangan para sa Pagkuha ng Balota

- Sa ilalim ng mga umiiral na pagsasabatas, ang taong nag-aapply para sa balota ay dapat magpakita ang kanyang orihinal na HKID kard o ang mga sumusunod na tinukoy na alternatibong (mga) dokumento:
 - orihinal na may bisang Pasaporte ng HKSAR; o
 - orihinal na Sertipiko ng Eksemasyon (Certificate of Exemption); o
 - orihinal na dokumentong patunay ng aplikasyon para sa HKID kard; o
 - orihinal na may bisang seaman's identity book; o
 - orihinal na dokumentong may bisa para sa layunin ng pagkuha ng visa; o
 - isang dokumentong nagpapatunay ng ulat sa opisyal ng pulisya para sa nawala o nasirang HKID kard o Sertipiko ng Eksemasyon o ng dokumentong patunay ng aplikasyon para sa HKID kard (karaniwang tinatawag na "a memo of lost property"), kasama ang orihinal may bisang pasaporte* o katulad na dokumento ng paglalakbay (hal. isang pasaporte maliban sa pasaporte ng HKSAR o ang Home Return Permit) na nagpapakita ng kanyang pangalan at larawan.

* Ang pasaporte ng British National (Overseas) (BN(O)) ay walang bisang dokumento sa paglalakbay at patunay ng pagkakalilanlan.

- Para sa mga detalye, mangyaring sumangguni sa Seksyon 50 ng Regulasyon ng Komisyong Panghalalan (Mga Pamamaraan ng Halalan) (Batasang Konseho) (Cap. 541D).

Espesyal na Pila para sa mga Botanteng may Pangangailangan

- Ang mga botante lamang ang pinapayagang pumasok sa isang istasyon ng botohan
- Sa ilalim ng prinsipyong "patas at pantay na pakikitungo", ang mga botante ay dapat pumila upang bumoto. Kapag pinaniniwalaan ng PRO na ang isang taong dumating, o naroroon, sa istasyon ng botohan upang bumoto ay kabilang sa mga sumusunod na paglalarawan, gagabayan ng PRO ang tao upang kaagad magtungo sa nakatalagang lugar o sa likod ng pila kung mayroong mahabang pila sa lugar na iyon upang mag-apply para sa balota –
 - siya ay hindi bababa sa 70 taong gulang*;
 - siya ay buntis; o
 - siya, nang dahil sa sakit, pinsala, kapansanan o pagsalalay sa mga kasangkapan sa pagkilos, ay hindi makakapila ng mahabang oras o may kahirapan sa pagpila.

* Kabilang ang mga taong sumusunod na –

- may dokumentong nagpapakita ng taon ng kapanganakan, na walang buwan at araw ng kapanganakan, ng tao na may 70 taon bago ang taon kung kailan gaganapin ang araw ng botohan;
- may dokumentong hindi nagpapakita ng, walang araw ng kapanganakan, ang taon ng kapanganakan ng tao na 70 taon bago ang taon kung kailan gaganapin ang botohan at ang buwan ng kapanganakan ng tao ay parehong buwan kung kailan gaganapin ang botohan.

- Magtatalaga rin ang PRO ng lugar na mauupuan sa loob ng istasyon ng botohan para sa mga botante na inilarawan sa itaas upang makapagpahinga, kung kanilang nanaisin. Pagkatapos magpahinga, maaari silang pumila sa isang espesyal na pila bago idirekta papunta sa mga mesang magbibigay ng balota.
- Batay sa prinsipyo sa kalayaan ng pagboto at pagkalihim ng mga boto, ipinagbabawal ng batas na magkaroon ng sinuman (kahit na siya ay kamag-anak ng botante o kaibigan) na sumama o tumulong sa botante sa pagboto. Ang botanteng may kahirapan sa pagmarka ng balota na mag-isa ay maaaring, alinsunod sa batas, humiling sa PRO o sa kinatawan ng PRO upang markahan ang balota para sa kanila ayon sa kanilang kagustuhan sa pagboto, sa harap ng isang kawani ng botohan bilang saksi. Ang PRO ay pinahihintulutang magsagawa na may pag-iingat, kung naaangkop, na payagan ang mga taong sumasama na gamitin ang espesyal na pila kasama ang mga botante na may tunay na pangangailangang masamahan ng iba.

Talaang-gabay para sa Mga Botante

- Ayon sa Ordinansa ng Halalan (Tiwali at Iligal na Gawain) (Cap. 554) na ipinatutupad ng Malayang Komisyon Laban sa Katiwalian (“ICAC”), ang isang botante ay HINDI DAPAT gawin ang mga sumusunod na gawain sa Hong Kong o saanman:
 - Mang-udyok ng sinumang tao na hindi bumoto, bumoto ng blangko o di-wastong mga boto sa pamamagitan ng pampublikong gawain sa panahon ng halalan.
 - Sadyang pumipigil at pipigilan ang ibang tao na bumoto sa isang halalan.
 - Humingi o tumanggap ng anumang kapakinabangan (kabilang ang pera, regalo, atbp.), pagkain, inumin o libangan mula sa sinumang tao para huwag bumoto sa halalan, o pagboto o hindi pagboto sa isang kandidato o mga kandidato.
 - Mag-alok ng anumang kapakinabangan (kabilang ang pera, regalo, atbp.), pagkain, inumin o libangan sa sinumang tao bilang isang paghikayat o gantimpala upang huwag bumoto sa isang halalan, o pagboto o hindi pagboto sa isang kandidato o mga kandidato.
 - Gumamit o magbantang gagamit ng dahas o pananakot laban sa sinumang tao para hikayating bumoto o huwag bumoto sa isang halalan, o bumoto o huwag bumoto para sa isang kandidato o mga kandidato.
 - Hikayatin ang sinumang tao sa pamamagitan ng panlilinlang upang bumoto o huwag bumoto para sa isang kandidato o mga kandidato sa isang halalan, o huwag bumoto sa isang halalan, o hadlangan o pigilan ang sinumang tao sa pagboto sa isang halalan sa pamamagitan ng panlilinlang
 - Bumoto sa isang halalan kahit na alam niyang wala siyang karapatang gawin ito.
 - Bumoto sa isang halalan pagkatapos na sinadya o walang ingat na pagbibigay ng mali o nakalilinlang na impormasyon (hal. maling adres ng tirahan) sa isang opisyal ng halalan.

Ang mga sumusunod na gawain ay ipinagbabawal din sa loob ng istasyon ng botohan:

- Makipag-usap sa ibang mga botante kabilang ang pagpapakita sa iba ng iyong boto

- sa balota o paggamit ng mga cellphone o anumang ibang kasangkapan para sa elektronikong komunikasyon.
 - o Mag-bidyo, kumuha ng mga larawan o gumawa ng anumang pag-rerekord ng audio o bidyo.
 - o Hilingin ang ibang mga botante na markahan ang iyong balota. Kung kinakailangan, maaaring, ayon sa batas, hilingin mo sa PRO na markahan ang iyong balota sa harap ng opisyal ng halalan
 - o Mang-abala ng ibang mga botanteng bumoboto.
- Ang ICAC ay nagtayo ng Websayt sa Malinis na Halalan at nagbibigay ng mga makabuluhang impormasyon (sa parehong Ingles at Tsino). Mangyaring bisitahin ang www.icac.org.hk/elections

Mga Hakbang Laban sa Epidemya bilang tugon sa COVID-19 sa mga Istasyon ng Botohan at Punong Istasyon ng Bilangan

- Upang mapigilan ang pagkalat ng COVID-19, ipatutupad ng REO ang mga sumusunod na kaayusan:

Mga Istasyon ng Botohan

- o Lahat ng kawani ng Istasyon ng Botohan ng ECC ay kinakailangang magsuot ng mga mask. Ang transparent na pamproteksyong tabing ay inilagay sa mga mesa ng tagabigay ng balota, mesa ng PRO, atbp. upang maibukod ang mga kawani at mga botante.
- o Ang magkaibang minungkahing takdang oras ay itatalaga para sa mga botante ayon sa limang sektor ng EC upang sila ay makaboto.
- o Ang mga botante, kandidato at kanilang kinatawan ay kinakailangang magsuot ng sariling mga mask at linisin ang kanilang mga kamay gamit ang mga sanitiser na ibinigay sa bungad bago pumasok sa Istasyon ng Botohan ng ECC
- o Ang mga elektronikong termometro ay inilagay sa lahat ng mga istasyon ng botohan upang surin ang temperatura ng katawan ng mga bumoboto, kandidato at kinatawan sa kanilang pagdating sa mga istasyon ng botohan.
- o Ang lahat ng kawani ng botohan ay kinakailangang sumailalim sa Pagsusuring Rapid Antigen ng COVID-19 sa umaga sa araw ng botohan at makakuha ng negatibong resulta bago pumunta sa trabaho sa mga istasyon ng botohan. Ang kawani ng botohan na may lagnat o mga sintomas ng sakit sa panghinga, o biglang pagkawala ng panlasa/pang-amoy ay hindi papayagang gumanap ng mga tungkulin sa halalan habang ang mga kandidato / kinatawan ay hindi papayagang pumasok sa mga istasyon ng botohan ngunit ang mga kandidato ay maaaring magtalaga ng ibang kinatawan upang obserbahan ang botohan

- Ang mga botanteng may lagnat o sintomas ng sakit sa panghinga o biglang pagkawala ng panlasa/pang-amoy ay papupuntahin sa mga itinalagang kompartimento sa mga istasyon ng botohan
- May mga nahahawakang plakard at karatula na nagpapaalala sa mga bumoboto na panatilihin ang social distance na ipapaskil sa mga istasyon ng botohan.

Punong Istasyon ng Bilangan¹

- Ang lahat ng mga kawani ng Punong Istasyon ng Bilangan ay kinakailangang magsuot ng mga mask at suriin ang kanilang temperatura ng katawan. Maglalagay din ng mga transparent na pamproteksyong tabing sa mga counter ng Pagrerehistro at Katanungan. Ang mga panukalang social distancing ay mahigpit na ipapatupad sa Sentro ng Pagsasahimpapawid na may itinakdang pinakamataas na kapasidad para sa mga pampublikong galeriya.
- Ang lahat ng taong papasok o mananatili sa Punong Istasyon ng Bilangan (kabilang ang mga miyembro ng EC), maliban sa mga may hinahawakang tinukoy na medikal na sertipiko sa eksemsyon o ibang taong hindi kabilang, ay kinakailangang mayroong kahit 3 dosis ng bakuna sa COVID-19 at sumunod sa kaugnay na kahilingan ng "Vaccine Pass".
- Ang lahat ng kawaning tagabilang ay kinakailangang sumailalim sa Pagsusuring Rapid Antigen ng COVID-19 sa umaga sa araw ng botohan at makakuha ng negatibong resulta bago pumunta sa trabaho sa Punong Istasyon ng Bilangan. Ang kawaning tagabilang na may lagnat o sintomas sa sakit sa paghinga, o biglang pagkawala ng panlasa/pang-amoy ay hindi papayagang gumanap sa tungkulin sa pagbibilang.
- Ang mga elektronikong termometro ay nakalagay sa Punong Istasyon ng Bilangan upang suriin ang temperatura ng katawan ng mga botante, mga kandidato at kanilang mga kinatawan, ng media at miyembro ng publiko sa kanilang pagdating sa Punong Istasyon ng Bilangan. Sinumang tao (kabilang ang mga kandidato at mga kinatawan) na may lagnat o sintomas sa sakit sa panghinga, o biglang pagkawala ng panlasa/pang-amoy ay hindi papayagang makapasok sa Punong Istasyon ng Bilangan. Kung ang mga kandidato / kinatawan ay may lagnat o sintomas sa sakit sa panghinga, o biglaang pagkawala ng panlasa/pang-amoy, maaaring pahintulutan ng mga kandidato ang isa pang kinatawan na obserbahan ang bilangan.
- Ang mga hand sanitiser ay ibibigay sa loob ng Punong Istasyon ng Bilangan.
- Gagamit ang REO ng hinalong bleach upang linisin ang mga kagamitang hindi gawa sa bakal ng Punong Istasyon ng Bilangan bago ito magbukas (katulad ng mesa ng pagbibilang, mga counter ng tanggapan, mga upuan atbp.).

¹ Ang mga iminungkahing mga hakbang sa kaligtasan para sa Punong Istasyon ng Bilangan ay gagamitin din para sa Sentro ng Pagsasahimpapawid.